# MGA DETALYE NG ULAT O BALITA
# AT PAGSULAT NG PATALASTAS AT BALITA

*Magandang araw!*

*Sa pagtatapos ng modyul na ito ikaw ay makakasagot na sa mga tanong tungkol sa detalye ng ulat / balita at makasusulat na ng mga patalastas at balita.*

## Pagbalik-aralan Mo

Handa ka na ba? Anu-ano ang mga tanim mong gulay sa iyong bakuran? Paano mo ito itatanim? May mga larawan dito sa ibaba, ayusin mo ang mga ito ayon sa tamang pagkakasunud-sunod. Lagyan ng a b c d ang iyong sagot sa sagutang papel.


_____1.



_____2.



_____3.



_____4.



Ganito ba ang iyong sagot? Magaling!

1. c
2. d
3. a
4. b

**B. Ano ang pista ng Quiapo? Kailan ito ipinagdiriwang? Saan matatagpuan ito? Narating mo na ba ang Quiapo? Ito ay ilan lamang sa mga tanong na iyong masasagot matapos mong mabasa ang araling ito.**
**Gusto mo bang malaman ang mga impormasyong ito? Sige basahin mo na.**

Ang Quiapo ay matatagpuan sa Maynila, ito ay tinatawag nilang downtown noong mga nakaraang panahon na hindi pa uso ang mga mall. Maraming lugar dito ang mabibilhan ng iba't-ibang paninda tulad ng mga damit, sapatos at kasangkapan. Dito rin matatagpuan ang simbahan ng Quiapo na lalong nagpatanyag sa pook na ito.

Masayang ipinagdiriwang ang pista ng Quiapo tuwing ika-9 ng Enero. Sa nakakarami, ang araw na ito ay araw ng pasasalamat at pagdarasal.

Libu-libong tao ang sumasama sa prusisyon. Karamihan ay mga lalaki na pawang deboto ng Poong Nazareno na kilala sa tawag na Nazareno.

Dinudumog ng mga deboto ang imahen. Karaniwan nilang ipinapahid ang kanilang mga panyo sa katawan nito. Upang maiwasang mahulog ang mga nasa unahan ng karo dalawang mahahabang lubid ang ipinaiikot sa karosa. Walang sinuman ang pinahihintulutang lumampas sa lubid. Tinatahak ng prusisyon ang mga lansangan ng Quiapo.

Ngayon sagutin mo ang mga sumusunod na pangungusap.

1. Kailan ang pista ng Quiapo?
2. Ano ang tawag sa Quiapo?
3. Ano ang turing ng karamihan sa pista ng Quiapo?
4. Sino ang patron ng Quiapo?

Ang mga sagot ay nasa loob ng kahon.

1. tuwing ika-9 ng Enero
2. *downtown*
3. araw ng pasasalamat at pagdarasal
4. Poong Nazareno

## Pag-aralan Mo

"ANG PAGBABASA AY KARUNUNGAN", isa ito sa magandang panuntunan sa buhay ng isang mag-aaral, bakit di mo subukan? Kung wala kang libro sa bahay, maaari mong gamitin ang mga lumang dyaryo o kahit anong babasahin, nasasanay ka pang bumasa nang mabilis, nadadagdagan pa ang iyong kaalaman, nahahasa pa ang iyong pang-unawa.

Tulad nito….

**A. Basahin mo ang siniping balita sa pahayagan at sagutin ang mga tanong na kasunod. Isulat ito sa kuwaderno.**

**QC gov't nagbigay ng computer sa city jail**


Upang madali at maging maayos ang paghahanap ng mga rekord ng mga preso sa Quezon City Jail, nagbigay ng dalawang computer set si QC Mayor Feliciano Belmonte, Jr. sa mga opisyal ng nasabing piitan.

Tinanggap nina BJMP-NCR Director Chief Supt. Armando Llamasares at QC Jailwarden Supt. Ignacio Panti ang mga computers na magsisilbing 'notebook' ng mga preso upang malaman ang kani-kanilang mga records.

Ayon kay Belmonte, sa computerized system na ito madaling malalaman kung anu-ano ang estado ng mga bilanggo at mga kasong nakabinbin laban sa kanila.

Layunin din ni Belmonte na maibsan ang pagsisikip ng kulungan na kadalasang nagiging dahilan ng riot at pagkakasakit ng mga preso.

Nagpahayag naman ng pasasalamat si Panti kay Belmonte sa pagbibigay nito ng prayoridad sa pangangailangan ng city jail.



**Namahagi ng dalawang computer set at iba pang mga kagamitan sa Quezon City Jail si QC Mayor Feliciano Belmonte, Jr. na tinanggap naman ni QC Jailwarden Supt. Ignacio Panti habang nakamasid naman si BJMP-NCR director Chief Supt. Armando Llamasares. *(Kuha ni Boy Santos)***

Nabatid na ang bagong rekord management program ay sama-samang proyekto ng Supreme Court, BJMP, Humanitarian Legal Assistance Foundation at the Asia Foundation.

(*Doris Franche)*

1. Ano ang ibinigay ng pamahalaan ng Quezon City sa piitan ng kanilang siyudad?
2. Sino ang nagbigay at tumanggap nito?
3. Ano ang layunin ng Quezon City Mayor Belmonte sa computerized system na ito?
4. Sino ang nagpahayag ng pasasalamat kay Mayor Belmonte?
5. Kaninong proyekto ang management program na ito?

Madaling malaman ang mga kasagutan kung nauunawaan mo ang balita. Ito ay mapatutunayan mo, kung ganito ang sagot mo….

1. Dalawang computer set ang ibinigay ng pamahalaan ng Quezon City sa piitan ng kanilang siyudad.
2. Si Mayor Feliciano Belmonte ang nagbigay nito at tinanggap nina BSMP-NCR Director Chief Supt. Armando Llamasares at QC Jailwarden Supt. Ignacio Panti.
3. Dahil sa computerized system na ito, madaling malaman kung anu-ano ang estado ng mga bilanggo at mga kasong nakabinbin sa kanila.
4. Nagpahayag ng pasasalamat si Jailwarden Supt. Igancio Panti kay Mayor Belmonte sa pagbibigay niya ng prayoridad sa pangangailangan ng City Jail.
5. Ang proyekto ng management program ay sama-samang proyekto ng Supreme Court, BSMP, Humanization Legal Assistance Foundation at Asia Foundation.

Magaling, di ba? Sa pagsagot mo sa mga tanong tungkol sa ulat o balitang iyong binasa, para ka na ring nagbalita o nag-ulat muli. Sa ganitong paraan, makasusunod ka sa layunin ng modyul na ito.

Ang pagsulat ng balita ay di-tulad ng pagsulat ng kuwento na kasukdulan ang nasa huli. Sa isang balita ang pinakamahalagang bahagi ay nasa simula tungo sa di-gaanong mahalaga.

## B. Paano kaya kung mangailangan ng empleyado ang opisina ng isang piitan para sa computer program na ito, maaaring mag-anunsyo o magdikit ng ganitong patalastas upang matugunan ang pangangailangang ito.


NANGANGAILANGAN
Encoder
(lalaki / babae)
Gulang : 25 – 35
Pinag-aralan : Tapos ng Bokasyonal o dalawang taon sa kolehiyo
May kaalaman sa Kompyuter : Microsoft Word, Lotus. Excel

Mag-aplay sa :
Tanggapan ng Piitang Lungsod Quezon City, April 25 – 30, 2005
(Hanapin si Jailwarden Supt. Ignacio Ponti)


Ito ay halimbawa ng patalastas kung saan nagpapabatid ng mahalagang impormasyon tungkol sa pangangailangan sa hanapbuhay. Pansinin na ang patalastas na ito ay sumasagot sa tanong na ano, saan at kailan, halimbawa:

Ano ang kailangan? encoder
Saan dapat mag-aplay? Tanggapan ng Piitang Lungsod, Quezon City
Kailan dapat mag-aplay? Abril 25 – 30, 2005
Ang patalastas ay kailangang maliwanag at maikli.

May mga ekspresyon na maaari mong gamitin sa pagsulat ng patalastas. Gusto mo bang malaman ito? Kung oo, Ilagay mo sa Word Map ang mga ito. Isulat ito sa iyong sagutang papel.
Makikita ito sa kasunod na pahina.




1. ATENSYON! Nangangailangan ng….
2. Marunong ka bang magpinta…..
3. Sa lahat ng interesado….
4. Halinang sumali….
5. Balita…. Balita….
6. Natagpuang aklat….
7. Sumali…. sumali….



## Isaisip Mo

Ang patalastas ay maikling mensahe na nagpapabatid ng mahalagang impormasyon tungkol sa

- gaganaping palatuntunan / iba pang gawain
- panawagan sa madla
- kautusan ng paaralan / bayan
- pangangailangan sa hanapbuhay
- nawawala

Kailangang maikli ang patalastas at maliwanag ang mensaheng sumasagot sa tanong na Ano, Saan at Kailan.

Ang balita ay maikli at maliwanag na paglalahad.  Sinisimulan ang balita sa pinakamahalagang impormasyon tungo sa di-gaanong mahalagang detalye.

Ang patnubay o unang talataan ang sumasagot sa mga tanong na ano, sino, kailan, saan, bakit at paano.

Ang pamagat ng balita ay batay sa uri ng talataan o patnubay.  Ito ay isinusulat sa malalaking titik upang makatawag pansin.



## Pagsanayan Mo

I-aplay mo ngayon sa bahaging ito ang iyong napag-aralan sa modyul.

**A. Basahin mo ang ulat o balita.  Sagutin ang mga tanong na sumusunod at isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.**

**Pacific Plans binira**

Kinastigo kahapon ni Senate Majority Leader Francis Pangilinan ang pamunuan ng Pacific Plans Inc.  (PPI) dahil sa paninisi nila sa deregulation policy ng gobyerno sa tuition fee increase bilang dahilan ng pagtagilid ng kalagayan ng pre-need companies.

Ito ang naging reaksyon ni Pangilinan matapos ipahayag ni Atty.  Jeanette Tecson, tagapagsalita ng Pacific Plans, na ang pagtanggal ng gobyerno sa CAP sa tuition fee increase noong 1990 ang pinagsimulan ng unti-unting pagkamatay ng pre-need industry sa bansa.

“Pacific Plans, Inc.  should not be allowed to make such remarks.  The blame on the tuition fee deregulation law is “unwarranted,” anang mambabatas.

(**Boyet Jadulco)**

1. Anong insurance ang kinastigo ni Sen. Majority Leader Francis Pangilinan?
2. Bakit ito kinastigo?
3. Sino ang tagapagsalita ng Pacific Plans?
4. Kailan tinanggal ng gobyerno ang CAP sa tuition fee increase?

**B. Matapos mong mabasa ang balita mula sa pahayagan at masagot ang mga tanong ukol dito, marahil ay may kakayahan ka nang sumulat ng balita. Gawin mo ito at patunayan mong kaya mo! May ilang detalye kang mababasa sa ibaba, dito mo ibabatay ang iyong isusulat na balita. Simulan mo na….**

ENROLMENT SINIMULAN NA
Nagsimula ang enrolment May 22-26, 2005

Alagao Elementary School
Nagpaenrol – Gr. I to Vi
Greg Reyes, punungguro ng paaralan
Unang araw – kaunti ang nagpa-paaral
Huling araw dumagsa ang mga nagpaenrol

Humigit kumulang 400 bata ang nag-enrol.

**C. May mga paksang nakasulat sa kahon. Basahin ito at sumulat ng isang patalastas kaugnay sa paksang mapipili mo.**

| PALIGSAHAN SA PAG – AWIT | WANTED MANANAHI |
|---|---|

| LIBRENG PAG-AARAL SA KOLEHIYO | PABORITONG PAGKAING PILIPINO |
|---|---|

Kayang – kaya mo na ang mga pagsasanay.
Talagang mahusay kang bata!

## Subukin Mo

**A. Basahin mo ang usapan sa ibaba pagkatapos ay sumulat ng patalastas. Gamitin mo ang kaalamang iyong natutuhan sa modyul na ito. Kaya mo yan kid, di ba?**



Ganito bang ginawa mo?

NANGANGAILANGAN
Kasambahay na Babae

Gulang 20 pataas
Pinag-aralan Tapos sa sekondarya

Makipagkita kay
Gng. Ana Cabañal
Blk. 6 #20 Palmera Nothwings
Sto. Cristo, San Jose del Monte City
o tumawag sa telepono 098 – 486 – 4556
sa lalong madaling panahon

**B. Basahin mo ang balita at sagutin ang mga tanong sa iyong sagutang papel.**

mula sa Abante

**Drug scam bubusisiin**
ni Eralyn Prado

Pinaiimbestigahan ng dalawang kongresista ang napaulat na malawakang anomalya sa pagbili ng mga gamot at iba pang supply sa mga ospital ng gobyerno.

Sa pamamagitan nina Reps. Ferjenel Biron at Imee Marcos, isang resolusyon ang inihain ng mga ito upang hingin sa Kongreso na imbestigahan ang nasabing anomalya sa mga ospital ng gobyerno.

Ayon sa dalawang solon, panahon na upang pag-ukulan ng pansin ng Kongreso ang naturang anomalya hindi lamang para makatipid kundi para maputol na ang katiwalian na kagagawan ng ilang tiwaling empleyado at opisyal na nakikipagsabwatan sa mga kinatawan ng mga kumpanya ng gamot.

Nakakaapekto na umano sa pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan para sa mga mahihirap na mamamayan ang naturang katiwalian kung kaya't dapat na itong sugpuin.

Parikular sa mga ospital ng pamahalaan na nais paiimbestigahan ng mga solon ay ang East Avenue Medical Center; Vicente Sotto Medical Center; Batangas Regional Hospital: Jose Reyes Memorial Medical Center; Dr. Jose Fabella Memorial Hospital at ang National Children's Hospital.

1. Ano ang nais paimbistigahan ng dalawang kongresista ayon sa balita?
2. Ano ang naging dulot ng katiwaliang ito sa mga mahihirap na mamamayan?
3. Sino ang nais magpaimbestiga dito?
4. Anu-anong ospital ng pamahalaan ang nais paimbestigahan?

Ganito ba ang iyong sagot?

1. Anomalya sa pagbili ng mga gamot at iba pang kagamitan sa mga ospital ng gobyerno.
2. Nakakaapekto sa pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan

3. Representante  Ferjenel Biron at Imee Marcos/
4. East Avenue Medical Center, Vicente Sotto Medical Center, Batangas Regional Hospital, Jose Reyes Memorial Medical Center, Dr.  Jose Fabella Memorial Hospital, National Children's Hospital.

**C. Matapos mo ang maraming pagsasanay, ngayon naman ay susulat ka ng isang balita tungkol sa isang pangyayari na naganap sa inyong lugar, tandaan mo na dapat kang magsimula sa pinakamahalagang pangyayari tungo sa di-gaanong mahalaga.**

Ipabasa sa guro ang iyong ginawa.  Kapag pumasa ka sa kanya binabati kita at napagtagumpayan mo ang mga pagsasanay at pagsubok sa modyul na ito!  Maaari mo nang pag-aralan ang susunod na modyul.